9

Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeMs)

# FILIPINO 9 (Ikaapat na Markahan-USLeMs:2)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Maria Idalyn L. Pagunsan |
| **Tagaguhit:** | Paolo N. Tardecilla |
| **Tagalapat:** | Maru U. Panganiban |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Adelwisa P. Mendoza |
| **Tagasuri ng Wika:** | Galcoso C. Alburo |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Sheryll T. Gayola, SDS SDO-Marikina City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Elisa O. Cerveza, CID Chief SDO-Marikina City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, EPS in Filipino-NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Galcoso C. Alburo, EPS in Filipino SDO-Marikina City<br>Ivy Coney A. Gamatero, LR EPS SDO-Marikina City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Menere R. Nasiad, PDO SDO-Marikina City<br>Catherine C. Paningbatan, Librarian SDO-Marikina City |


(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

# Inaasahan

Sa pag-aaral ng USLeM na ito, inaasahang maisagawa mo ang sumusunod:

A. Nailalahad ang sariling pananaw, konklusyon, at bisa ng akda sa sarili at sa nakararami;
B. Naitatala ang nalikom na datos sa pananaliksik; at
C. Nagagamit ang mga angkop na salita/ ekspresyon sa:

- paglalarawan
- paglalahad ng sariling pananaw
- pag-iisa
- pagpapatunay

# Unang Pagsubok

Bago ka mag-umpisa ng aralin, isagawa ang mga gawain upang masukat ang iyong kaalaman

A. Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ang pahayag ay nagpapakita ng katangian ng pananaliksik at ekis (x) kung hindi.

| ✓ o **X** | **PAHAYAG** |
|---|---|
| | 1. Mayroon tayong iba't ibang paraan upang makalikom ng datos sa pananaliksik. |
| | 2. Ang mga nalikom na datos sa pananaliksik ay kinakailangang laging subhetibo. |
| | 3. Sa paglikom ng datos mahalagang maging obhetibo, lohikal at walang pagkiling. |
| | 4. Ang lahat ng datos na nalilikom ay dapat paniwalaan at sang-ayunan. |
| | 5. Sa pamamagitan ng mga datos nakadidiskubre tayo ng mga bagong kaalaman o impormasyon |

B. Ilahad ang sariling pananaw o kongklusyon sa mga pahayag na nasa ibaba.


| **PAHAYAG** | **PANANAW/KONGKLUSYON** |
|---|---|
| 1. Ang paggamit ni Jose Rizal ng pamagat na Noli Me Tangere sa kaniyang nobela na may salin sa wikang Tagalog na "Huwag mo akong Salingin" na hinango mula sa bibliya sa aklat ni San Juan | |
| 2. Ang pagsulat ng Noli Me Tangere ang nagbigay daan upang mabuksan ang mata ng mga Pilipino sa nangyayari sa bansa | |

| | |
|---|---|
| 3. Ang paniniwala ni Rizal na hindi kailangan ng dahas kundi mas mainam ang tahimik at payapang pamamaraan | |
| 4. Ang paghahambing ni Rizal sa sakit na kanser bilang sakit ng lipunan | |
| 5. Ang paggamit ng wikang Kastila bilang wika sa pagsulat ng nobelang Noli Me Tangere | |

## Balik-Tanaw

Balik-aralan mo ang nakaraang aralin sa pamamagitan ng sumusunod na gawain.

A. Punan ng angkop na impormasyon ang *crossword* sa ibaba. Gamitin ang mga pahiwatig para masagot ang mga ito.




**Pababa**

1. Ang pamagat na Noli Me Tangere ay nangangahulugang “Huwag mo akong _____
3. Ang lugar kung saan natapos ni Rizal ang pagsulat ng nobela ay sa Berlin, _____
5. Ang orihinal na wikang ginamit sa pagsulat ng Noli Me Tangere ay wikang _____
6. Ang manunulat ng Noli Me Tangere ay si Jose _______

**Pahalang**

2. Matalik na kaibigan ni Jose Rizal na nakabasa ng kaniyang nobela ay si Ferdinand _________
4. Ang Noli Me Tangere ang kauna-unahang _____ naisulat ni Rizal (pabaliktad)

B. Gamit ang mga salita at ideyang napalutang sa loob ng *crossword*, bumuo ka ng maikling pagtalakay sa kaligirang pangkasaysayan ng Noli Me Tangere. Isulat sa hiwalay na papel.

# Pagpapakilala ng Aralin

Mayroon tayong iba't ibang paraan ng pagpapahayag ng ideya na maaaring nakikita sa loob ng mga akda o babasahin na ating nababasa o naririnig. Mayroong mga tekstong naglalarawan, naglalahad ng sariling pananaw, nag-iisa-isa ng ideya, at nagbibigay ng patunay. Ngunit, ano-ano nga ba ang ekspresyong ginagamit dito upang mapalutang ang layon ng pagpapahayag? Halika't isa-isahin natin.

**Paglalarawan**

- Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng kaisipan sa pamamagitan ng paglalarawan ng katangian batay sa kulay, hugis, anyo, lasa, amoy at iba pa tulad ng iba't ibang uri ng pandama. Layon nitong maipamalas sa tagapakinig o mambabasa ang isang malinaw na larawan o imaheng nais palutangin sa loob ng teksto o akda. Nagagawa nitong maging kongkreto ang mga bagay na abstrak at ang masaklaw ay maging tiyak.

**Uri ng Paglalarawan**

**1. Karaniwang Paglalarawan**

Gumagamit ito ng tiyak at karaniwang salitang naglalarawan. Nagbibigay ito ng kongkretong paglalarawan sa katangian ng inilalarawan.

Halimbawa:

Si Kapitan Tiyago ay itinuturing na hulog ng langit. Siya ay pandak, di kaputian at may bilugang mukha. Siya ay tinatayang nasa pagitan ng 35 taong gulang. Maitim ang buhok, at kung hindi lamang nananabako o nagnganganga, maituturing na siya na magandang lalaki. Siya ang pinakamayaman sa Binondo dahil sa marami siyang negosyo at iba pang klase ng ari-arian...

- El Filibusterismo ni Patricio Mariano

**2. Masining na Paglalarawan**

Mapandama ang ganitong paglalarawan. Naghahayag ito ng katotohanan sa pamamagitan ng masining na paggamit ng salita tulad ng mga tayutay. Nagagawa nitong maantig ang kalooban ng mga mambabasa o tagapakinig sa pamamagitan ng paggamit ng mga makukulay na pahayag na nagpapagalaw sa guni-guni at imahinasyon ng mambabasa na maaring naging bahagi ng sarili nitong danas.

Halimbawa:

Ang kapayapaan ng bukid ay tila kamay ng isang inang humahaplos sa nag-iinit na noo ni Danding. Humihinga siya nang malalim, umupo sa lupa, at ipinikit ang mga mata. Dahan-dahang iniunat niya ang kanyang mga paa, itinutukod sa lupa ang mga palad,

tumingala at binayaang maglaro sa ligalig niyang mukha ang banayad na hangin. Kay lamig at kay bango ng hanging iyon.

- Lupang Tinubuan ni Narciso G. Reyes

**3. Teknikal na Paglalarawan**

Ito ay akma at aktuwal na paglalarawan. Kalimitan gumagamit ito ng eksaktong representasyon ng mga bagay-bagay at pangyayari.

Halimbawa:

Si Lolong ay ang pinakamalaking buwaya na nahuli sa Pilipinas. Ang haba nito ay 6.17m mula sa nguso hanggang sa buntot, at ang bigat ay 1,075 kg. Binihag ang buwaya na ito noong 13 Setyembre 2011 sa Bunawan, Agusan del Sur.

**Paglalahad ng Sariling Pananaw**

- Naglalahad ito ng personal at pansariling pananaw ng manunulat sa isang partikular na paksa
- Gumagamit ito ng mga hudyat na *sa aking palagay, sa tingin ko, para sa akin, naniniwala akong, kung ako ang tatanungin, ang paniniwala ko ay, sa ideya ko,* at iba pa.

Halimbawa:

- ***Naniniwala akong*** maaari pang magbago ang isang tao gaano man ito kasama.
- ***Para sa akin*** dapat makiisa ang taumbayan sa programang binuo ng pamahalaan kontra COVID-19.

**Pag-iisa-isa**

- Ang pag-iisa-isa ay isang uri ng kohesyon na nagpapakita ng pagkakasunod-sunod ng mga detalye. Ginagamit ito sa pagbibigay ng kronolohikal na kaayusan na iniisa-isa ang mga konsepto upang mailahad ang mga ito.
- Ang mga panandang ginagamit dito ay:
  - isa, dalawa, tatlo
  - a, b, c
  - una, ikalawa, ikatlo
  - pagkaraan at iba pa

Halimbawa:

Ang taong makabayan ay may katangiang kagaya ng sumusunod:

A. Tumatangkilik sa sariling produkto
B. Nagmamalaki at gumagamit ng sariling wika
C. Iniisip at gumagawa para sa bayan

**Pagpapatunay**

- Ito ay mga pahayag na nagtataglay ng mga datos na may batayan, ebidensya at mga impormasyong galing sa awtoridad na may basehan upang gawing tunay, kapani-paniwala at katanggap-tanggap ang ideyang ipinahahayag.
- Ang mga hudyat na ginagamit ay *bilang patunay, taglay ang matibay na ebidensya, kapani-paniwala ito, pinatutunayan ng mga detalye* at iba pa.

Halimbawa:
***Pinatutunayan lamang*** ng mga datos kaugnay ng pagtaas ng bilang ng tinatamaan ng Covid-19 na hindi ito dapat ipagsawalambahala ng gobyerno at publiko.

Tandaan, maraming paraan ang maaaring gamitin sa pagpapahayag ng ekspresyon sa loob ng teksto o mga pahayag. Ilan sa mga ito ay ang paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa at pagpapatunay. Tayo na lamang bilang mambabasa ang bahalang humusga!

# Gawain

**PAGSULAT NG TALATA**

**Panuto:** Manaliksik ng mga impormasyon kaugnay sa mga paksa sa susunod na pahina. Gamit ang saliksik, bumuo ng talata na ginagamitan ng angkop na ekspresyon sa paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa at pagbibigay patunay.

**A. Paglalarawan:** Ilarawan ang taong pinakamahalaga sa iyo. Ibigay ang kaniyang mga katangian at ipaliwanag kung bakit mo siya napili.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**A. Paglalahad ng Sariling Pananaw:** Maglahad ng sariling pananaw kaugnay sa pagbubukas ng klase sa susunod na taong panunuran 2021-2022. ***Face to Face Classes* Isulong o *Distance Learning* Ipagpatuloy?**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**C. Pag-iisa-isa:** Isa-isahin ang mga dahilan kung bakit kailangan ng mga Pilipino ang magpabakuna kontra Covid-19.

**D. Pagbibigay patunay:** Bigyan ng patunay ang kahalagahan ng komunikasyon kaugnay sa mga nangyayaring krimen o karahasan sa bansa.

# Tandaan

Sa pagpapahayag ng ideya maaari tayong gumamit ng paglalarawan, paglalahad ng sariling pananaw, pag-iisa-isa at pagbibigay patunay. Narito ang ilan sa mga salita o ekspresyon na maaaring gamitin:

Paglalara-wan
- karaniwan
- masining
-teknikal

Paglalahad ng sariling pananaw
- sa aking palagay, sa tingin ko, at iba pa

Pag-iisa-isa
- una, ikalawa, ikatlo
- isa, dalawa,tatlo
-A,B,C

Pagpaptunay
- sa katunayan, nagpapatuna, at iba pa

Gamit ang mga ekpresyong ito sa pagpapahayag higit na napalulutang ang ideyang nais ipabatid ng manunulat sa kaniyang mambabasa o tagapakinig. Higit nitong nabibigyang-buhay at kulay ang isang akda o teksto.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

Suriin ang iyong mga natutuhan sa tulong ng sumusunod na gawain:

A. Pagsulat ng Sanaysay

**Panuto:** Makinig ng isang napapanahong balita sa radyo o telebisyon. Maglahad ka ng ideya kaugnay sa paksang iyong napili sa pamamagitan ng mga salitang naglalarawan, naglalahad ng pananaw, nag-iisa-isa at nagpapatunay. Bilugan at tukuyin ang mga salitang ginamit upang mapalutang ang iyong ideya o ekspresyon sa paksa.

**Paksa ng Balita:** ______________________________________________

______________________________________________

**Pinaghanguan(***Source***) :** ______________________________________________

**Sanaysay**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

B. Punan ng angkop na ideya ang mga pahayag sa ibaba sa pamamagitan ng pagdurugtong ng iyong sariling ideya.

| | | |
|---|---|---|
| Natutuhan ko mula sa aralin na... ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ | Naniniwala ako na sa pamamagitan ng mga paraang nakatala sa itaas ay... ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ | Magiging mahirap lamang ang paksa ng aralin kung... ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ ______________________ |

## Pangwakas na Pagsusulit

Ngayong naunawaan mo na ang aralin, oras na para sukatin ang iyong natutuhan.

A. Piliin mula sa kahon ang letra ng pinakaangkop na sagot.

| | |
|---|---|
| A. Paglalarawan | C. Paglalahad ng sariling pananaw |
| B. Pag-iisa-isa | D. Pagbibigay patunay |

_________1. Si Anna ay isang batang babae na nasa walong taong gulang, bilugan ang mga mata, may maninipis na labi at di katangusang ilong. Siya ay mahilig maglaro sa labas, takbo rito, takbo doon kaya madalas umuuwi ng may galos sa binti at tuhod na ikinagagalit ng kaniyang ina.

_________ 2. Napatutunayan ng mga datos mula sa sarbey na inilibas ng *Commission on Population* na patuloy ang paglobo ng populasyon ng Pilipinas sa panahon ng pandemya.

_________ 3. Nagpanukala ang pamahalaan ng mga protokol kontra Covid-19. Una, layon nitong maproteksyonan ang bawat mamamayan sa nasabing sakit. Ikalawa, maiwasan ang mabilis na hawaan sa mga Pilipino. Ikatlo, mapapabagal ang pagdami ng bilang ng namamatay sa nasabing virus.

_________ 4. Ang distance learning ay isang uri ng learning modality na hindi pisikal na magkasama o magkaharap ang guro at estudyante. Sa ilalim nito, maaaring matuto ang mga bata sa pamamagitan ng online platform, printed module na ibibigay ng paaralan, at mga aralin na

mapapanood sa telebisyon o mapapakinggan sa radyo.

_________ 5. Sa tingin ko, ang pag-unlad ng bansa ay magaganap lamang kung ang mga nanunungkulan ay magiging tapat sa kanilang sinumpaang tungkulin nang walang pag-iimbot at kung ang mga mamamayan ay matutong sumunod at magtiwala sa kanilang pinuno.

## Susi sa Pagwawasto

Unang Pagsubok
1. ✓
2. X
3. ✓
4. X
5. ✓

**Balik-Tanaw**

1. Pababa
Huwag mo Akong Salingin
3. Berlin, Alemanya
5. Wikang Kastila
6. Jose Rizal

Pahalang
2. Ferdinand Blumentritt
4. nobela

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. A
2. D
3. B
4. A
5. C

## Sanggunian

https://www.wattpad.com/2158760-%27%27noli-me-tangere%27%27-6-si-kapitan-tiyago

https://frontlearners.com/blended/pluginfile.php/7466/mod_resource/content/1/index.html

http://siningngfilipino.blogspot.com/2015/08/ang-paglalarawan-na-pagpapahayag.html

https://news.abs-cbn.com/news/05/27/20/alamin-mga-alternatibong-paraan-ng-pag-aaral-na-isinusulong-ng-deped